



Pangalan: Rene Abesamis, Ph.D.

Titulo: Associate professor

Institusyon: Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Bansa: Pilipinas

Email: raabesamis@msi.upd.edu.ph

Website: <https://msi.upd.edu.ph/archive/rene-abesamis>

Taon ng parangal: 2024

Pagpapahusay sa lokal na kapasidad para matukoy at maprotektahan ang mga coral reef na matibay sa iba't ibang klima sa gitnang bahagi ng Pilipinas

Sa pag-init ng dagat dulot ng pandaigdigang pagbabago ng klima, ang ilang lugar—na kilala bilang climate refugia para sa coral reefs—ay inaasahang makararanas ng mas limitado o mas mabagal na pangkalahatang pagbabago kaysa sa iba. Sa lugar na ito, ang ilang partikular na kumbinasyon ng mga kondisyon—kabilang ang lalim, kalinawan ng tubig, at pagkakalantad sa polusyon galing sa lupa o bagyo, at pagkakaiba-iba ng uri ng coral—ay maaaring magbigay-daan sa mas pangmatagalang pagkabuhay ng species at mga ecosystem na nawala na sana. Iminumungkahi ng kamakailang pananaliksik na ang gitnang bahagi ng Pilipinas ay mayroong mga lugar na maituturing na climate refugia para mga coral reef. Marami ding maliliit na mga marine protected area (o MPA) ang itinatag sa rehiyong ito upang protektahan ang mga ecosystem ng coral reef. Gayunpaman, hindi batid kung malawakan bang sinasakop ng mga MPA na ito ang lugar na protektado sa pandaigdigang pagbabago ng klima o nagbibigay ba ng sapat na proteksyon sa mga reef na matibay sa klima.

Makikipagtulungan si Rene Abesamis sa mga stakeholder sa mga lokal at pambansang antas ng gobyerno para matukoy ang mga coral reef na matibay sa klima sa Pilipinas at mailatag ang pundasyon para sa proteksyon ng mga ito. Sa pagtatrabaho sa dalawang network ng MPA sa South Negros Marine Key Biodiversity Area (o SNMKBA), siya ay makikipagtulungan sa mga lokal na mananaliksik, magsasanay ng mga mamamayang nais gumapang bilang citizen scientists upang suriin at pag-aralan ang mga reef, at papahusayin niya ang mga proseso sa pagbabahagi ng impormasyon sa mga tagapamahala ng kalikasan. Makikipagtulungan din si Abesamis sa mga kilalang scientist upang bumuo ng mga indicator, gaya ng pagkakaiba-iba ng mga uri ng coral at kasaganahan ng mga isda sa reef, na magagamit upang imapa ang mga site ng matitibay na reef sa rehiyon. Ang mga resulta at aral na malalaman sa proyektong ito, na magbibigay-diin sa mahalagang papel ng mga lokal na stakeholder, ay gagamitin bilang batayan ng National Coral Reef Strategy ng Pilipinas, gayundin ang mga plano upang protektahan ang 30% ng teritoryong dagat ng bansa bago ang 2030.

Para alamin pa ang tungkol kay Abesamis, basahin ang kanyang [bio](#).

[Tingnan ang kumpletong listahan ng mga iskolar ng dagat ng Pew para sa 2024.](#)